

**Presidential Communications Operations Office
News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY ROLLY GONZALO – TODONG NATIONWIDE TALAKAYAN, DWIZ
MARCH 25, 2018 (8:02 – 8:10 A.M.)**

ROLLY: Secretary, si Lakay, magandang umaga po.

SEC. ROQUE: Magandang umaga, Lakay at magandang umaga sa lahat ng mga nakikinig sa atin ngayon.

ROLLY: Thank you for joining us so kayo po iyong dapat—tatanungin lang namin. Ano po ba ang latest from the President sir tungkol sa Boracay?

SEC. ROQUE: Well bukod po doon sa nagsumite nga ng rekomendasyon itong Department of Environment and National Resources, DILG at saka ang DOT na isarado ang Boracay sa loob ng anim na buwan at magsisimula ito sa April 26, ay wala pang bago. Sa bisa po ito sa kautusan ng ating Presidente, natanggap po iyong opinion ni Executive Secretary noong Biyernes matapos ko po na nagkaroon ng press briefing. So, wala pa pong aksyon akong nalalaman ng ating Presidente at hinihintay po natin ang direktiba galing kay Presidente.

ROLLY: Tama ba iyong naulinigan namin, Secretary na dapat bukas kung mayroon mang petsa na isasara iyong Boracay, dapat bukas April—March 26?

SEC. ROQUE: Eh ang sabi po sa rekomendasyon ay April 26.

ROLLY: April 26 pala. Okay.

SEC. ROQUE: Opo, April 26.

ROLLY: Ibig sabihin between now and April 26 pupuwede pang—

SEC. ROQUE: Puwede pa po.

ROLLY: Pumunta ng Boracay?

SEC. ROQUE: Opo, at saka hindi pa naman po naaaksiyunan ng Presidente iyong rekomendasyon bagama't sinabi sa akin ng Presidente na sasabihin niya iyong rekomendasyon ng DILG at saka DENR.

ROLLY: Na anim na buwan lang?

SEC. ROQUE: Anim na buwan po iyan pero sabi nga ni Secretary Teo na pupuwedeng mas maikli kung matapos iyong mga dapat gawin sa Boracay.

ROLLY: Alam ko nakasama kayo sa istasyon sa Boracay, hindi ho ba sir?

SEC. ROQUE: Oo, ako po ay laking Boracay din. So talagang matindi po iyong ating concern sa Boracay at noong tayo po ay Congressman, ang biruan ako nga daw po iyong Congressman ng Boracay.

ROLLY: Ganoon pala iyon. Kasi taga doon ho ba kayo Secretary, orihinal po?

SEC. ROQUE: Pero ako po ay nasa Boracay na noong wala pang 1988 at iyong buong career ko po bilang isang abogado ay diyan po talaga sa Boracay.

ROLLY: Bakit po? Kung—matanong ko sir, kung bakit po na sentro ang iyong buhay sa Boracay sir?

SEC. ROQUE: Eh nagkataon naman po iyong mga ilang kliyente ko noong nagsisimula kami sa aming propesyon bilang abogado ay iyong mga maliliit na resort sa Boracay sa ngayon ay naging dambuhalang mga resort na. So nakita ko po talagang magsimula ang Boracay na wala pang ilaw at iyon ho nagkaroon ng asenso iyong mga resort at ngayon po mga dambuhalang resort na silang lahat.

ROLLY: Iyon. Attorney, kung ganoon nadatnan ninyo iyong mga orig na mga inhabitants ng Boracay noong araw, mga Aeta?

SEC. ROQUE: Well hindi lang po iyong Aeta, iyong mga lehitimong Boracay, halos dalawa o tatlong pamilya po ang mga nariryan at masuwerte naman po kami na isa doon sa mga talagang taal na taga Boracay ay isa sa mga naging kliyente namin noong taong 1990 pa po.

ROLLY: Iyon. Saan na kaya iyong mga orig na mga Aeta, mga natives? Would you know Attorney?

SEC. ROQUE: Well, alam ko ilan po sa kanila ay nakikipaglaban pa rin para doon sa kanilang sinasabi na ancestral domain. So nariryan pa rin naman po sila sa Boracay.

ROLLY: Saan banda kayo roon, Secretary sa mga sulok-sulok na?

SEC. ROQUE: Opo, ngayon po sa sulok-sulok na. [laughs]. Doon po kami sa likuran, mga [inaudible] na tinatawag.

ROLLY: Mga ilan pa kaya Secretary? Would you know kung ilan pa iyong mga natitirang mga nakikipaglaban na mga tribo?

SEC. ROQUE: Alam ko marami-rami naman po sila, iyong mga Ati. Pero alam ninyo po ang problema talaga ng Boracay ngayon ay iyong challenge na magkaroon ng sustainable development. At nakita ko naman talaga iyan na kinakailangan talagang magkaroon ng maraming pagbabago diyan. Kasi nga ang mga dambuhalang resort po diyan, hindi lahat mayroong wastewater treatment. At saka iyong mga Manila water rin na sewage system – alam natin na kapag iyan ay punong-puno na – nagkakaroon na nga po ng back fill na tinatawag, so lumalabas po doon sa mga inidoro iyong sewage. So talagang malawakang imprastraktura po ang kailangan sa Boracay kaya naintindihan ko na dapat talagang isarado. Ang tanong lang ay ano kayang sisimulang petsa na pagdedesisyunan ng ating Presidente.

ROLLY: Oo inaantabayanan iyan ‘no. Eh kasi baka itong Linggong ito o baka pagkatapos ng Holy Week baka—iyon siguro iyong ilalabas ng Presidente na announcement, hindi ho ba?

SEC. ROQUE: Opo, opo. Inaasahan po natin iyan!

ROLLY: Okay. In the meantime, ang Attorney Roque naman, saan po magbabakasyon nitong Holy Week?

SEC. ROQUE: Eh sa tabi-tabi lang din po. [laughs]. Pero kinakailangan ko pong magbakasyon at kinakailangan talagang magmuni-muni ngayong Semana Santa.

ROLLY: Tama-tama. Eh magbakasyon naman kayo. Sabagay ang ating Presidente mukhang magtatambay muna sa Davao. ‘Di ba?

SEC. ROQUE: Opo, opo. Tama po iyan!

ROLLY: Kailan ba ang birthday ng Presidente?

SEC. ROQUE: Kung hindi ako nagkakamali po ay 28 yata. Oo 28 pero iyon nga po nakabakasyon ako kaya nag-happy birthday na ako kay Presidente. [laughs].

ROLLY: You mean nakabakasyon na kayo ngayon?

SEC. ROQUE: Ay sumasagot pa po ako ng interview, hindi pa po. [laughs]. So mamayang gabi po ako ay aalis na at panandalian pong nagpapaalam.

ROLLY: Well, thank you ulit Attorney kasi naalala ko ako iyong unang naka-interview on a Sunday na pagkatapos ng inyong appointment eh.

SEC. ROQUE: Opo. Opo.

ROLLY: Dito ninyo binanggit na talagang nabubuwisit na kayo sa mga Telcos.

SEC. ROQUE: Tama po. Tama po.

ROLLY: Dito rin inanunsiyo na abangan ninyo iyong pangatlong Telco na papasok na, hindi ba?

SEC. ROQUE: Tama po.

ROLLY: Noong araw na iyon na tatandaan ko, nahirapan nga kayong sumagot sa telepono at masuwerte at nakapasok kami diyan sa DWIZ noong araw na iyon pagkatapos ng iyong appointment as Presidential Spokesman. Salamat-salamat! Well, Attorney ano ng challenge na—isa pa natin na challenge, iyong mga challenge diyan sa Boracay iyong sinasabing pagtatayo ng casino. Ano bang latest doon, Attorney?

SEC. ROQUE: Well sa totoo lang po. I know as much as you do, kasi ang PAGCOR naman po ang nag-anunsiyo na magpapatayo daw ng 500 million US dollars. Eh ang sa akin po, eh hindi po mangyayari ngayon iyan kasi mayroong moratorium at wala naman pong na mention sa moratorium na bagong improvement at saka bagama't kung puwedeng gawin po iyan basta mayroong teknolohiya na water treatment facility ay marami ding nagsasabi na kung ang problema ng Boracay ay over capacity ay baka lalong maka-contribute sa problemang ito. Pero kinakailangan namang itimbang natin iyan kung pupuwedeng maging kontribusyon ng casino, hindi lang ng turismo kung hindi doon sa kita ng gobyerno.

ROLLY: At saka alam kong isa sa mga dapat na konsiderasyon dito ay ano bang sabi ng ating mga kababayan, hindi ba sa Boracay? Okay lang ba sa kanila na magtayo ng panibagong casino doon, eh sinasabi ng marami—alam mo na ang dami nagtatayong: “casino bakit kinakailangan pang magtayo ng panibagong casino na naman,” hindi ba?

SEC. ROQUE: Opo, opo, opo. Anyway, sandali lang po papunta na po akong simbahan. Salamat po!

ROLLY: Sige! Attorney ha, thank you salamat muli! Sige po, sige po! Attorney Harry Roque ang ating Presidential Spokesman.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)